ST PAULS MEDIA pastoral ministry
AMBUHAY
MISSALETTE
Celebrates the 500 Years of Christianity in the Philippines (1521-2021)

Taon 35 Blg. 11 | Ika-24 Linggo ng Karaniwang Panahon (B) — Luntian | Setyembre 12, 2021
Linggo ng mga Katekista

KASAMA TAYO NI *Hesus*

Cl. Samy John Joseph Torrefranca, SSP

Madalas natin marinig na puno ng "krus" ang buhay. Ang mga krus na ito ang siyang magpapatibay sa atin sa mga kakaharapin pa nating pagsubok. Kailangan nating bitbitin ang mga ito para sa ating kaligtasan. Ito ang mga katagang binanggit sa Mabuting Balita ni Hesus.

Kaakibat ba talaga ng kabanalan at pagsunod kay Kristo ang sakit at bigat ng krus at mga pagsubok ng ating buhay? Ang pagpili ba kay Hesus at sa mga bilin niya ay may kasamang hapdi at kirot dito sa mundo? Tingnan natin ang buhay ng mga santo at martir. Ibinigay nila ang kanilang buhay at panahon para sa Panginoon, para sa Bayan ng Diyos at para sa Ebanghelyo.

Bakit madalas hindi kasing banayad ng bagong kotseng bili natin ang takbo ng buhay kung gusto nating sundin ang utos ni Hesus na pasanin ang ating krus at ang maglingkod sa kanya? Halimbawa, marami tayong bagay na gustong gawin para sa ating sarili, at para sa ating pamilya at siyempre para din sa paglilingkod. Ngunit may mga antala at aberyang nangyayari, - ang banayad naging lubak-lubak at tila'y walang katupusan. Mga ilang rolyo pa ba ng tisyu ang ipapahid natin sa alulod ng luha upang masabi nating ganap ang ating paglilingkod sa Diyos at sumusunod tayo sa pagpasan ng ating mga krus.

Bilang mga kasagutan sa aking mga katanungan, isang pagbabalik-tanaw sa personal na karanasan ang aking ibabahagi. Nakaranas na rin ako ng marami-raming mga pagka-antala sa aking paglalakbay sa aking bokasyon. Sabi ko, ang hirap pala ng buhay na aking pinili. Ngunit sa karanasan ng pagpasan ng krus, madalas ko sinasabi, "Para sa iyo ito Panginoon." Nakakapagod at nakaka-ubos ng lakas at pasensya. "Nakaka-toxic" kung sa milenyal na katawagan. Oo, walang mali sa linyang "para sa iyo ito Panginoon," dahil ito naman talaga ang isa sa mga tawag ni Hesus sa lahat. Datapwat may nakakalimutan pala ako isama sa paglalakbay araw-araw ng pagbitbit ng krus. Mas maganda palang sabihin na, "Kasama kita dito Panginoon." May kasama nga pala ako. Personal nga pala akong sinamahan at patuloy na sinasamahan ng Diyos sa aking mga ang hirap at sakit na nararanasan ko. Mga katagang mas lumalim ang kahulugan nang dahil sa ngalay ng paghihintay at alog ng baku-bakong paglalakbay. Naging panatag at banayad ang aking kalooban sapagkat napagtanto kong mayroon akong Karamay. Mas naintindihan ko ang kanyang imbitasyong pasanin ang krus ng buhay.

Katulad ko, marami ka ring tanong kung bakit hindi na lang parang pag-*swing* sa bahaghari ang buhay at may krus pang dapat bitbitin. Na *"#YOLO (You Only Live Once)"* nga 'di ba? Kaya dapat masaya lang. Kailangan nating tanggapin na sa buhay, may mga krus. Marami. Ngunit sa pagbitbit sa mga krus na ito—may karamay tayo, may kasama tayo—si Hesus!

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok
(Sirak 36:15–17)
(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Kapayapaa'y ibigay sa bayan mong naghihintay upang iyong patunayang propeta'y maaasahan. Dalangin nami'y pakinggan.

Pagbati
(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.
B—At sumainyo rin.

Paunang Salita
(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Karaniwang minana lamang natin ang ating pananampalataya sa ating mga magulang. Tunay ngang ito'y isang malaking biyaya. Ibinahagi nila ang pananampalatayang batid nilang makababuti para sa atin. Gayunpaman, hinahamon tayo ng Panginoong Hesus na angkinin at panindigan ang pananam-palatayang ito. Hindi tayo maaaring mapako sa isang hiram na pananampalataya. Kailangang tumugon tayo sa hamon ni Hesus na kilalanin siya at higit sa lahat harapin ang krus sa ating buhay.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan ng Diyos kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad nang lubos. *(Tumahimik)*

P—Sinugong Tagapagpagaling sa mga nagsisisi: Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.
P—Dumating na Tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.
B—Kristo, kaawaan mo kami.
P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B—Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo *(Tumahimik)*
Ama naming makapangyarihan, ikaw ang Lumikha at Tagapamahala ng tanang umiiral. Tunghayan mo kami upang ang iyong awa ay aming maranasan at ipagkaloob mong ikaw ay aming wagas na mapaglingkuran sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa (Is 50:5–9a)
(Umupo)

Inilalarawan sa atin ni propeta Isaias ang Nagdurusang Lingkod ng Diyos. Sa kanyang pagtalima sa kalooban ng Diyos, sinasagisag ng lingkod na ito ang ating Panginoong Hesus.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

BINIGYAN ako ng pang-unawa ng Panginoon, hindi ako naghi-magsik ni tumalikod sa kanya. Hindi ako tumutol nang bugbugin nila ako, hindi ako kumibo nang ako'y kanilang insultuhin. Pinabayaan ko silang bunutin ang buhok ko't balbas, gayon din nang lurhan nila ako sa mukha. Ang mga pagdustang ginawa nila'y di ko pinapansin, pagkat ang Makapangyarihang Panginoon ang tumutulong sa akin. Handa akong magtiis pagkat aking batid na ang sarili ko'y di mapapahiya. Ang Diyos ay malapit at siya ang magpapatunay na wala akong sala. May mangangahas bang mag-habla sa akin? Magharap kami sa hukuman, at ilahad ang kanyang bintang. Ang Poon mismo ang magtatanggol sa akin. Sino ang makapagpapatunay na ako ay may sala?
—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 114)

T—Kapiling ko habambuhay ang Panginoong Maykapal.



1. Mahal ko ang Panginoon, pagkat ako'y dinirinig. Dinirinig niya ako, sa dalangin ko at hibik; ako'y kanyang dinirinig tuwing ako'y tumatawag, kung ako'y tumatawag, sinasagot niya agad. **(T)**

2. Noong ako'y mahuhulog sa bingit ng kamatayan, nadarama ko ang tindi ng takot ko sa libingan; lipos ako ng pangamba at masid-hing katakutan. Sa ganoong kalagayan, Panginoo'y tinawag ko, at ako ay nagsumamo na iligtas niya ako. **(T)**

3. Mabuti ang Panginoon, siya'y mahabaging Diyos, tunay siyang mahabagin at mapag-pahinuhod. Panginoo'y nagtatanod sa wala nang sumaklolo, noong ako'y manganib, iniligtas niya ako. **(T)**

4. Ako'y kanyang iniligtas sa kuko ng kamatayan, tinubos sa pagkatalo, at luha ko'y pinahiran. Sa harap ng Panginoon doon ako mananahan, doon ako mananahan sa daigdig nitong buhay. **(T)**

Ikalawang Pagbasa (Sant 2:14–18)

Sinasabi ni Apostol Santiago na laging kaakibat ng dalisay na pananampalataya ang mabuting gawa. Hindi sapat na hangarín lamang ang kabutihan ng kapwa; higit na mahalagang tugunan ang pangangailangan nila.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol Santiago

MGA KAPATID, ano ang mapapala ng isang tao kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng gayong pananampalataya? Halimbawa: ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain. Kung sabihin ng isa sa inyo, "Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis ka't magpakabusog," ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidudulot sa kanya iyon? Gayon din naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa.

Ngunit may nagsabi, "May pananampalataya ka at may gawa ako." Sagot ko naman, "Ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang walang kalakip na gawa, at ipakikita ko naman sa iyo sa pamamagitan ng aking mga gawa ang aking pananampalataya."

—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Gal 6:14) (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! Sa krus ni Kristo dinangal itong ating pamumuhay na para sa kanya lamang. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mc 8:27–357)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos.
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, si Hesus, kasama ang kanyang mga alagad, ay nagtungo sa mga nayon ng Cesarea, sakop ni Filipo. Samantalang sila'y naglalakbay, tinanong niya ang kanyang mga alagad, "Sino raw ako ayon sa mga tao?" Sumagot sila, "Ang sabi ng ilan ay si Juan Bautista kayo; sabi naman ng iba, si Elias kayo; at may nagsa-sabi pang isa kayo sa mga propeta." "Kayo naman—ano ang sabi ninyo? Sino ako?" ta-nong niya. "Kayo ang Kristo," tugon ni Pedro. "Huwag ninyong sasabihin kaninuman kung sino ako," mahigpit na utos niya sa kanila.

Mula noon, ipinaalam na ni Hesus sa kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao'y dapat magbata ng maraming hirap. Siya'y itatakwil ng matatanda ng bayan, ng mga punong saserdote at ng mga eskriba at ipapapatay. Ngunit sa ikatlong araw, muli siyang mabubuhay. Maliwanag na sinabi niya ito sa kanila. Kaya't niyaya siya ni Pedro sa isang tabi at sinimulang pagsabihan. Ngunit humarap si Hesus sa kanyang mga alagad at pinagwikaan si Pedro: "Lumayo ka, Satanas! Ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao."

Pinalapit ni Hesus ang mga tao, pati ang kanyang mga alagad, at sinabi: "Kung ibig ninumang sumunod sa akin, limutin niya ang ukol sa kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin. Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay siyang mawawalan nito; ngunit ang mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa akin at sa Mabuting Balita ay siyang magkakamit niyon."

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Lumapit tayo sa ating mapagpalang Ama na turuan tayong tumalima sa kanyang Salita upang lubusan nating matanggap at makilala ang kanyang Anak na si Hesus. Taos-puso tayong manalangin:

T—Ama, dinggin mo ang aming panalangin.

L—Para sa Santo Papa, mga obispo, kaparian, at mga nagalay ng kanilang buhay para sa Diyos: Patuloy nawa nilang ipahayag si Hesus bilang Mesiyas sa pamamagitan ng kanilang tapat na pamumuhay. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa mga namumuno sa pamahalaan: matupad nawa nila ang kanilang pangakong maglingkod sa bayan ng totoo at tapat. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa lahat ng mga magulang, mga guro, at mga katekista: patuloy nawa nilang mahalin ang kanilang misyon bilang mga gabay sa kabataan at tagapagpatotoo sa Ebanghelyo ni Kristo sa makabagong panahon. Manalangin tayo: **(T)**

L— Para sa mga nagdurusa hatid ng Pandemya: maging matatag nawa tayo sa ating pananampalataya at makahanap ng pag-asa sa mga taong patuloy na nagmamalasakit. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa mga Yumao: Makarating nawa sila sa langit

kung saan matatagpuan ang liwanag at kapayapaang walang hanggan. Manalangin tayo: **(T)**

L—Sa ilang sandali ng katahimikan itaas natin sa Diyos ang ating personal na kahilingan gayundin ang mga taong lubos na nangangailangan ng ating panalangin *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

P—Ama, patuloy ka nawang maghari sa aming puso't diwa upang sa pamamagitan ng aming pamumuhay madama ka namin sa pamamagitan ng isa't-isa lalung-lalo na ng mga kapatid naming nangangailangan. Nang sa gayon, makilalang lubos ng mundo si Hesukristong Anak mo at aming Panginoon.
B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P—Manalangin kayo...
B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, maawain mong dinggin ang aming mga pithaya at paunlakan mo ang paghahaing aming inihanda upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay para sambahin ang banal mong ngalan ay magkamit ng karagdagan mong kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

Prepasyo
Karaniwang Panahon VIII

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.
P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B—Itinaas na namin sa Panginoon.
P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
B—Marapat na siya ay pasalamatan.
P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ang iyong mga supling na nagtaksil ay nagbabalik ngayon sa iyong paggiliw bunga ng malasakit ng Anak mong masunurin at ng Espiritung bigay upang lahat ay kupkupin. Kaming mga tinubos ng Anak mong mahal ay niloob mong magtipon at magkapisan upang magsalo sa masaganang hapag ng buhay. Kaisa ng Anak mo at ng Espiritu Santo ang iyong sambayana'y nagpupuri sa iyo. Nagkakapisan ngayon ang bumubuo sa Katawan ni Kristo. Nagkakatipon ngayon ang pinana-nahanan ng iyong Espiritu.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...
P—Hinihiling naming...
B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang
(*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon
(1 Cor 10:16)

Inuming inihahai'y Dugo ni Kristong butihin. Hinati-hating pagkai'y Katawang alay sa piging ni Hesus para sa atin.

Panalangin Pagkapakinabang
(*Tumayo*)

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*
Ama naming mapagmahal, ang aming kalooban nawa'y pagharian ng aming tinanggap na pakikinabang upang huwag ang diwa namin ang umiral kundi ang bunga ng pagdiriwang ang laging mamayani sa amin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagpala, lingapin mo ang iyong bayan sa lahat ng oras. Pagkalooban mo kami ng bagong buhay upang maging matapat kami sa pagsunod sa iyong kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.
B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang Misa. Humayo kayong taglay ang pag-ibig upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.
B—Salamat sa Diyos.

DO YOU WANT TO SUBSCRIBE TO SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE?
For inquiries and orders:
FACEBOOK Sambuhay Missalette
GMAIL Sambuhay@stpauls.ph
TELEPHONE (02) 8895-9701